# Chapter 16

# Social Security System (SSS)

Hindi tulad ng mga empleyado sa lupa, matagal na panahon ding hindi nakinabang ang mga marino sa mga benepisyong ipinagkakaloob ng Social Security System (SSS).

Ito ay dahil sa naging opsyonal lang noon sa mga manning agencies at principals ang pagmemember sa atin sa SSS.

Dati hindi mandatory sa ating kumpanya na isali tayo sa SSS, ang ahensyang nagkakaloob ng social security sa mga manggagawa sa pribadong sektor. Pero sa ngayon, may mga regulasyon na nag-oobliga sa ating employer na ipasok tayo sa SSS. Nakasaad din ito sa ating kontrata.

Hindi tulad ng land-based OFWs na nanatiling boluntaryo ang membership, tayong marino ay compulsory na ang coverage sa SSS.

Nagsisimula ang coverage natin sa SSS sa unang araw ng ating employment o pagkabisa ng ating kontrata. Binibigyan naman ang ating kumpanya ng 30 araw mula sa unang araw ng ating employment para maireport ang coverage natin sa SSS sa pamamagitan ng pagsusumite ng Employment Report (SS Form R-1A).

## A. Beneficiaries

Sa pagkuha pa lang natin ng Social Security (SS) Number, tinutukoy na natin kung sino ang ating benepisyaryo o tatanggap ng benepisyong para sa atin.

Ang beneficiaries ng member ng SSS ay yaong kanyang dependent na legal na asawa, maliban kung nag-asawa itong muli, at mga dependent na anak (legal na anak, legal na inampon na anak at anak sa labas). Sila ang mga primary beneficiaries.

Kung walang asawa o mga anak, ang mga dependent na magulang nito ang tatanggap ng mga benepisyo. Sila ang itinuturing na secondary beneficiaries.

## B. Kontribusyon sa SSS

Nakabatay ang buwanang kontribusyon ng member sa kanyang monthly salary credit (MSC), at ang kontribusyong ito ay napupunta sa SSS at sa Employers Compensation (EC) programs.

Ang MSC natin sa SSS ay batay naman sa kabuuang aktuwal na suweldo o kabayaran sa atin, kasama ang mandated cost of living allowance (COLA). Kabilang din dito ang halaga sa cash ng mga natanggap natin na in kind, maliban kung higit na ito sa maximum MSC.

Simula Enero 2014, ang contribution rate ng SSS ay 11%, kung saan ang share ng marino ay 3.63% at ang share naman ng employer ay 7.37%, at ang maximum MSC naman ay P16,000. Ibig sabihin, ang kabuuang maximum na buwanang kontribusyon sa SSS ay P1,760 (tingnan sa appendix ang schedule of contribution).

Dapat tandaan na kailangang sundin ng kumpanya ang deadline sa pagreremit ng buwanang kontribusyon sa SSS.

## C. Obligasyon

Bago natin talakayin ang mga benepisyong makukuha natin at ng ating pamilya mula sa SSS, alamin muna natin kung anu-ano ang mga obligasyon at tungkulin natin bilang member ng SSS.

Ang mga sumusunod ang tungkulin na dapat tuparin ng bawat member ng SSS:

1. Matapos nating magrehistro at kumuha ng SS Number gamit ang Personal Data Record form (SS Form E-1), dapat nating tiyakin na inireport ng ating kompanya ang coverage natin sa SSS;
2. Magbayad ng buwanang kontribusyon at tiyaking naireremit ito ng ating employer sa SSS;
3. Siguruhing nakalista ang pangalan natin sa Contribution Collection List (SS Form R-3) at isinusumite ito ng ating kompanya sa SSS;
4. Dapat nahuhulugan natin ang ating utang sa pamamagitan ng salary deduction at tiyaking naireremit ito ng kompanya sa SSS;
5. Pana-panahong i-update ang ating personal record sa SSS sa pamamagitan ng pagsusumite ng Member Data Change Request form (SS Form E-4) at kailangang dokumento para hindi maatraso ang pagpoproseso ng anumang benepisyo at claims; at

6. Dapat nating alamin ang mga pagbabago sa mga polisiya at benepisyong ipinagkakaloob ng SSS.

## D. Benepisyo

Maraming benepisyo ang maaaring mapakinabangan kung ang isang marino ay member ng SSS. May long-term at short-term na benepisyo na matatanggap ang member o ang mga benepisyaryo nito depende sa ilang kondisyon.

Nakabatay ang mga benepisyo sa kontribusyon ng member, bagaman may garantisadong minimum pension na matatanggap. May fixed replacement rate din na 40% ng average MSC ng member (o ang average ng huling 60 MSCs bago ang semester ng contingency) na ginagamit sa pagkalkula ng pension (halimbawa: kung P16,000 ang average MSC, ang pension ay aabot ng at least P6,400), at may dagdag pa kung hihigit sa 10 taon ang hulog sa SSS.

Kaya't habang lumalaki ang halaga ng kontribusyon at humahaba ang panahong naghuhulog sa SSS, mas mataas ang benepisyong makukuha ng member sa hinaharap.

### 1. *Long-term benefits*

Kapag nagretiro, nabaldado, o yumao na ang member, makakatanggap ang member o ang kanyang benepisyaryo ng buwanang pension mula sa SSS. Yaong mga hindi qualified sa pension, makakatanggap sila ng lump-sum na halaga katumbas ng kabuuang kontribusyon na naibayad sa ngalan ng member, kasama ang interes.

a. **Retirement** – Makakatanggap ng buwanang pension ang member kung siya ay: i) umabot na sa 60 anyos at tumigil na sa pagtatrabaho, o umabot na sa 65 anyos, may trabaho man o wala; at ii) mayroong hindi bababa sa 120 na buwanang hulog o kontribusyon sa SSS bago ang semester ng pagretiro ng member.

   Ang minimum retirement pension ay P1,200 kada buwan kung ang member ay may at least 10 credited years of service (CYS), at P2,400 naman kung umabot sa at least 20 CYS.

Makakatanggap din ang bawat dependent na anak, pati na ang ipinagbubuntis pa lang bago nagretiro ang member (hanggang sa 5 lamang, mula sa bunso at walang substitusyon), ng pension na katumbas ng 10% ng buwanang pension ng member, o ₱250, kung alinman ang mas mataas sa dalawa.

b. **Death and disability** – Makakatanggap ang member/benepisyaryo ng pension, kung may at least 36 na buwanang kontribusyon bago ang semester ng pagkabalda o pagkamatay ng member.

   Ang minimum death o disability pension ay P1,000 kada buwan para sa wala pang 10 CYS, P1,200 kung umabot sa at least 10 CYS at P2,400 kung mayroon itong at least 20 CYS.

   Gaya ng sa retirement, ang mga anak ng member, pati na ang ipinagbubuntis pa lang bago siya nabaldado o yumao, ay makakatanggap ng dependents' pension.

   Bukod sa pension, makakakuha rin ang member na may total o partial disability ng supplemental allowance na P500 kada buwan.

c. **Funeral** – Nagkakaloob din ang SSS ng funeral grant na P20,000 o hanggang P40,000 (depende sa halaga at bilang ng kontribusyon), sa sinumang nagbayad sa pagpapalibing sa yumaong member o pensioner.

## 2. *Short-term benefits*

Kapag nagkasakit o nanganak ang member, makakakuha siya ng benepisyo na daily cash allowance na base sa kanyang average daily salary credit (o ang kabuuan ng 6 na pinakamataas na MSCs sa nakalipas na 12 buwan bago ang semester ng contingency divided by 180).

a. **Sickness** – Kung mayroon ang member ng hindi bababa sa tatlong (3) buwang kontribusyon sa nakalipas na 12 buwan bago ang semester ng pagkakasakit, makakatangap siya ng benepisyo kapag hindi makapagtrabaho dahil sa injury o sakit, naospital nang at least apat (4) na araw, at nagamit na niya lahat ang kanyang sick leave.

Maaaring matanggap ang daily cash allowance na ito (katumbas ng 90% ng average daily salary credit) hanggang 120 araw sa bawat calendar year, pero hindi lalampas ng 240 araw ng pagkakaospital.

b. **Maternity** – Sa mga babaeng member na may hindi bababa sa tatlong (3) buwang kontribusyon sa nakalipas na 12 buwan bago ang semester ng panganganak, maaari silang mabigyan ng benepisyo kapag nanganak.

   Kapag normal delivery o miscarriage, makakatanggap sila ng daily cash allowance (katumbas ng 100% ng average daily salary credit) na hanggang 60 araw, at 78 araw kapag caesarian delivery.

   Ibig sabihin, kung base sa maximum MSC ang kontribusyon ng member, aabot sa P32,000 ang benepisyo kung normal o miscarriage, at P41,600 kung caesarian.

   Makakakuha sila ng maternity benefits sa unang apat (4) na panganganak o pagkakunan.

### 3. *Salary loan*

Bukod pa sa mga long-term at short-term benefits, maaari rin makautang ang member ng Salary Loan sa SSS para matugunan ang kagyat nitong pangangailangang pinansyal.

Kung mayroon na ang member ng hindi bababa sa anim (6) na buwanang kontribusyon sa nakaraang 12 buwan, maaari itong makautang ng Salary Loan.

Para makautang ng 1-buwang salary loan (P16,000 sa ngayon), kailangan ng member ng hindi bababa sa 36 buwanang kontribusyon; kung 2-buwang salary loan (P32,000), kailangang mayroon ito ng hindi bababa sa 72 buwanang kontribusyon.

## E. Personal Equity and Savings Option (PESO) Fund

Ang SSS PESO Fund ay boluntaryong provident fund para sa mga SSS members bukod pa sa regular na programa nito.

Sa pamamagitan nito, ang mga member na may kakayahang maghulog nang higit pa sa kailangang kontribusyon ay maaaring mag-impok sa SSS para sa dagdag na benepisyo sa hinaharap.

Mainam na investment ang PESO Fund dahil tax free ang kita at benepisyo nito, ipinupuhunan ang pondo sa garantisadong investment, at garantisado rin ang kita.

Kahit sinong member puwedeng sumali rito, basta ang edad ay hindi higit sa 54 taong gulang at kung mayroon na itong mahigit sa anim (6) na sunod-sunod na buwanang kontribusyon sa nakalipas na 12 buwan; naghuhulog sa SSS ng maximum amount of contribution (para sa mga Self-Employed, Voluntary at land-based OFW na miyembro); at hindi pa nag-claim ng pinal na benepisyo sa mga regular na programa nito.

Kasali na agad ang SSS member kapag nagsimula na itong maghulog sa PESO Fund. Ang minimum na hulog ay P1,000 at P100,000 naman ang maximum na kontribusyon sa isang taon.

Ang kontribusyon ng member ng PESO Fund ay mapupunta sa tatlong account: retirement/total disability (may guaranteed kita based sa 5-year T-Bond rates); medical (may tiyak na kita na nakabase sa 364-day T-Bill rates); at general purpose (may guaranteed kita na batay sa 364-day T-bill rates).

Matatanggap ang hulog at kita (idadagdag sa claim) kasabay ng pagkuha ng claim ng member mula sa mga regular programa ng SSS.